REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION
NEGROS ISLAND REGION

MENSAHE

Isang mapagpala at mapagkalingang araw sa lahat ng magsisipagtapos sa ating mga pampaaralang sekondarya sa buong Isla Ng Rehiyong Negros. Akin din pong ipinapahatid ang isang buong pusong pagpapasalamat sa mga magulang ng Batch 2016 sa Unang Junior High School Completion Ceremony dito sa ating Rehiyon.

Maganda at masayang gunitain ang mga alaala kung paano tayo nagsimula sa Junior High School lalong lao na sa K to 12 Curriculum. Kayo ang tinatawag sa pangkalahatan na Pioneering Batch ng Bagong Kurikulum. Sa inyo naibigay ang pagsisimula ng isang rebolusyon sa edukasyon. Hindi lang pagbabago sa edukasyon kundi isang rebolusyon na baguhing ganap ang sistema ng edukasyon upang tayo ay maging pantay at maging kahanay ng lahat ng bansa lalo na ng mga mauunlad na bansa.

Bagamat mahirap sa simula ang ganap na pagpapatupad ng K to 12 dahil sa karamihan ay kumukontra na wari ay kulang at hindi malinaw ang maidudulot sa buhay ng mga tao ang pagbabago sa ating edukasyon. Subalit sa unti unting malinaw na pagpapaliwanag at pagpapahayag ng kahalagahan ng pagbabago, marami na rin ang naantig ang puso't damdamin na ituloy ang magandang simulain ng K to 12. Kailangan muna nating maghirap at magsakripisyo para makamtan ang minimithing kaunlaran. Hindi agad agad malalasap ang tagumpay ng K to 12 sa unang mga taon dahil kailangan nating ayusin at punuin ng mga kinakailangang gamit at guro ang ating mga paaralan. Subalit sa panahong ito ay ating natikman at nakita ang mga biyayang naidulot ng k to 12. Maraming silid aralan ang naipatayo at maraming guro ang naidagdag sa mga paaralan. Ito ay dahil sa malaking dagdag sa taunang budget ng Kagawaran Ng Edukasyon.

Kayong mga papasok sa Senior High School ang siyang magpapatunay ng kagandahang dulot ng bagong sistema ng edukasyon. Sa inyo nakasalalay ang bagong pag asa ng ating bayan tungo sa magandang kinabukasan. Kayo ang tagapagdala ng kaunlaran sa inyong mga pamilya at sa ating mahal na Bayan. Ituloy po natin ang pagkalinga at pagyapos sa k to 12.

Isang malaking karangalan na ako ay maging bahagi ng inyong pagtatapos dito sa bagong rehiyon, ang Negros Island Region (NIR). Asahan nyo na tayo ay magtutulungan upang patuloy na maiangat ang kalidad ng edukasyon sa ating napakabatang rehiyon.

Mabuhay ang mga unang magsisipagtapos ng Junior High School! Hangad namin ang inyong tagumpay sa hinaharap.

GILBERT T. SADSAD, CESO V
Director-III

DepEd-NIR Office, West City Elementary School Campus, Dumaguete City, 6200
TEL: (035) 422 6227 / **E-MAIL**: depednir@gmail.com
FB: facebook.com/depednir / **WEB**: depednir.weebly.com